



IMPORMASYON NG PINAKAMABABANG PASAHOD PARA SA MGA EMPLOYER AT EMPLEYADO

Ano ang ibig sabihin para sa mga EMPLOYER?

- Simula ika-13 ng Pebrero, 2019, ang pinakamababang pasahod sa City of Daly City ay \$12.00 kada oras. Mga tip at iba pang mga benepisyo ay hindi maituturing na kasali sa pinakamababang pasahod.
- Bawat employer ay dapat magbigay ng nakasulat na abiso sa bawat kasalukuyang empleyado at sa mga bagong empleyado (simula sa kanilang pagkatanggap sa trabaho) ng mga karapatan ng mga empleyado sa ilalim ng Ordinansa ng pinakamababang pasahod.
- Ang Employer ay dapat magbigay ng opisyal na abiso sa mga lugar ng trabaho kung saan ito makikita ng lahat ng empleyado. Ang hindi pagbibigay ng ganitong abiso ay paglabag sa Municipal Code.
- Bawat employer ay dapat panatilihin sa hindi bababa ng tatlong taon para sa bawat empleyado, isang talaan ng kanilang pangalan, mga oras sa na sila ay nagtrabaho at suweldo.
- Sa ilalim ng ordinansa, ang employer ay hindi dapat gumanti laban sa isang empleyado para sa paggawa ng reklamo sa City hinggil sa kanilang karapatan na makatanggap ng pinakamababang pasahod na tinukoy. Ang City of Daly City ay mag-iimbestiga ng posibleng paglabag at maaaring magpatupad ng aksyon kabilang na ang pagtanggap muli ng empleyado sa trabaho, pagbabayad ng mga naantalang pasahod at sibil na parusa.

Ano ang ibig sabihin nito para sa mga empleyado?

- Simula ika-13 ng Pebrero 2019, ang pinakamababang pasahod sa City of Daly City ay \$12.00 kada oras
- Kabilang dito ay mga empleyado na gumagawa ng dalawa (2) o higit pang mga oras ng trabaho bawat linggo sa loob ng mga lugar na sakop ng City of Daly City, kabilang na ang mga empleyado na mababa sa 18 taong gulang.
- Ang mga empleyadong sakop nito ay may karapatan anuman ang katayuan sa imigrasyon.
- Ang pinakamababang pasahod ay iaakma taun-taon sa ika-1 ng Enero ng bawat taon.

Para sa karagdagang impormasyon o upang mag-ulat ng paglabag:

City of Daly City, City Manager's Office
333 90th Street
Daly City, CA 94015
(650) 991-8127

MinimumWage@dalycity.org
www.dalycity.org/MinimumWage